

RACIAL & SOCIAL EQUITY ACTION PLAN

Layunin ng San Francisco Planning Department's (SF Planning) **Lahi at Panlipunang Pagkakapantay-pantay na Aksyong Plano (Aksyong Plano)** na isulong ang pagkakapantay-pantay sa mga pang-loob at pang-labas na operasyon sa buong SF Planning gaya ng pagpapalano ng komunidad, pagpapaunlad ng patakaran, kung paano naming ginugugol ang oras at badyet ng aming mga kawani, at pagpapalano ng paggamit ng lupa. Para magawa ito, gumawa ang SF Planning ng Plano ng Aksyon na may mga partikular na layunin, aksyon, at sukatan ng pananagutan. Ang Plano ng Aksyon ay naglalaman din ng tools at pagsasanay upang matulungan ang mga kawani na isagawa ang trabahong ito.

Bakit kailangan natin ng Lahi at Panlipunang Pagkakapantay-pantay na Plano?

1. Ang pamahalaan at ang propesyon sa pagpapalano ng lungsod ay nagkaroon ng malaking papel sa paglikha at pagpayag na magpatuloy ang mga hindi pagkakapantay-pantay ng lahi at panlipunan, at panlipunan, at samakatuwid ay may pananagutan tayong tugunan ang mga hindi pantay na gawain.
2. Ang Lungsod ay may pangako na mapanatili ang isang magkakaiba, pantay, at inklusibong puwersa ng paggawa upang ang mga kawani ay mas may kakayahan na magtrabaho sa magkakaibang mga komunidad na aming pinaglingkuran.
3. Ang mga taong may iba ang lahi o kulay sa buong San Francisco ay nahaharap sa hindi pantay, at kung minsan ay lumalala, mga kondisyon sa halos lahat ng panlipunan o pang-ekonomiyang hakbang, tulad ng kawalan ng trabaho, kalusugan, kita ng sambahayan, pag-access sa pabahay, hustisyang kriminal, edukasyon, karahasan ng pulisya at kawalan ng tahanan.

PALATAKDAAN AT MGA LAYUNIN NG AKSYONG PLANO

Yugto 1 (2016-2019)



- Gumawa ng **Aksyong Plano**
- Maghatid ng **Lahi at Panlipunang Pagkakapantay-pantay na Aksyong Plano 101 na pagsasanay** sa lahat ng kawani at Komisyon ng SF Planning
- Gumawa ng **Mga Gamit sa Panlahi at Panglipunan sa Pagkakapantay-pantay**

Yugto 2 (2019-2023)



- Ilunsad ang prayoridad sa proyekto 1: **Pagkakapantay-pantay na Pag-audit ng Pagpa-planong Code**
- Ilunsad ang prayoridad sa proyekto 2: **Mga Alituntunin sa Pagsusuri ng Epekto ng Pagkakapantay-pantay**
- Himukin ang mga residente na kumonsulta sa Aksyong Plano at tumulong sa paghubog ng mga proyekto ng mga proyekto ng SF Planning
- Tasahin ang mga resulta ng Yugto 1
- I-customize ang **Mga Gamit sa Panlahi at Panlipunan sa Pagkakapantay-pantay**

Yugto 3 (patuloy)




- Ipatupad, subaybayan, at i-update ang **sa Lahi at Panlipunang Pagkakapantay-pantay na aksyong Plano** kada tatlong taon
- Makipag-ugnayan sa mga komunidad
- Gumawa ng taunang ulat sa pagsubaybay

Nandito kame





YUGTO 2 PALATAKDAAN



Prayoridad na Proyekto 1: Pagkakapantay-pantay sa pag-audit ng Pagaplanong Code

- Tukuyin ang mga pangyayari sa Planning code na maaaring humantong sa mga pagkakaiba at pakinabang ng lahi at panlipunan.
- I-mapa, pag-aralan, at ibuod ang mga pagkakaiba at pakinabang sa mga pangkat ng lahi at panlipunang nauugnay sa at mga aksyon sa pagpapatupad.
- Tukuyin ang mga prayoridad para sa pag-audit sa Planning Code.
- Gumamit ng naka mapang datos, pananaliksik, pagsusuri, at input ng komunidad upang magrekomenda ng mga pagbabago at gumawa ng mga update sa Pagaplanong Code upang mahusay na matugunan ang mga panlahi at panlipunang pagkakaiba at

Ano ang ibig sabihin nito para sa iyo / sa mga komunidad?

- Isang punto ng na sasanggunian kung saan at kung paano isulong ang pagkakapantay-pantay sa San Francisco.
- Isang mas malinaw na larawan kung paaano nakakaapekto ang Pagaplanong Code sa mga komunidad ng San Francisco.
- Isang paraan upang matukoy ang mga seksyong may diskriminasyon sa Pagaplanong code, habang nagbibigay ng mga pagpapabuti at mga solusyon.



Prayoridad 2: Mga Alituntunin sa Pagsusuri ng Epekto ng Pagkapantay-pantay

- I-mapa, pag-aralan, at ibuod ang mga pangunahing tagapahiwatig na nauugnay sa mga pagkakaiba at pakinabang ng lahi at panlipunan.
- Ibuod kung paano naaapektuhan o nagpapatuloy ng mga proseso ng pagrerepaso ng SF Planning ang mga pagkakaiba at/o mga pakinabang sa mga pangkat ng lahi at panlipunan
- Gumamit ng naka-mapa na datos, pananaliksik, pagsusuri, at input ng komunidad upang magrekomenda ng mga pagbabago at bumuo ng Mga Alituntuin sa Pagsusuri sa Epekto ng Pagkakapantay-pantay.

Ano ang ibig sabihin nito para sa iyo / sa mga komunidad?

- Mga alituntunin sa kung paano suriin ang pag-unlad sa pagkakapantay-pantay sa mga desisyon sa Pagaplanong Code ng San Francisco.
- Ang mga rekomendasyon upang matiyak na ang mga epekto sa pagkakapantay-pantay ng lahi at panlipunan ay natukoy at nasuri.



Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

- Makipag-ugnayan at makipatulungan sa mga nagtatrabahong grupo at sa publiko sa Mga Alituntunin sa Pagsusuri ng Epekto ng Pagkakapantay-pantay at Pagkakapantay-pantay sa pag-audit ng Pagaplanong Code.
- Itoon ang pakikipag-ugnayan sa mga komunidad na karaniwang kulang sa representasyon sa mga proseso ng pagsusuri ng SF Planning, at kung saan ay nakakaranas ng mga sosyo-ekonomikong epekto na lumikha ng mga pagkakaiba sa kanilang komunidad.

Tandaan: Ang Phase 2 ng Action Plan ay nagsimula noong 2019 at nagpatuloy hanggang 2023. Gayunpaman, dahil sa pandemya ng COVID-19, ang Opisina ng Pagkakapantay-pantay sa Lahi ay humuling sa mga departamento na tuonan ang pagpapatupad ng Yugto 1. Ang balangkas at mga direksyon para sa Yugto 2 ay ibibigay sa mga Departamento sa Fall ng 2022. Tinukoy ng SF Planning ang dalawang prayoridad na proyekto batay sa naunang puna ng komunidad at maglaan ng mapagkukunan upang kumilos sa kanila.



RACIAL & SOCIAL EQUITY ACTION PLAN

Ano ang Panlahi at Panlipunang

Pagkakapantay-pantay.

Ang pagkakapantay-pantay ng lahi ay ang sistematikong patas na pagtrato sa mga tao ng lahat ng lahi na nagreresulta sa pantay na mga kinalabasan, habang kinikilala ang makasaysayang konteksto at sistemantikong pinsalang ginawa sa mga partikular na pangkat ng lahi. Ang pagkakapantay-pantay sa lipunan ay pagiging patas at katarungan sa pamamahala ng mga pampublikong institusyon, pagbuo ng patakaran at paghahatid ng mga pampublikong serbisyo, na isinasaalang-alang ang mga makasaysayan at kasalukuyang hindi pagkakapantay-pantay sa mga grupo, tulad ng pagkakakilanlan ng kasarian, kasarian, relihiyon at katayuan sa kapansanan..

Bakit Nangunguna ang SF Planning sa Lahi?

Naniniwala ang SF Planning na ang hamon nang rasismo ay mahalaga para sa paglikha ng isang makatarungan at patas na lipunan, at kinikilala ang tungkulin ng pamahalaan na harapin ang mga hindi pagkakapantay-pantay ng lahi na patuloy na umiiral sa ating mga komunidad. Samakatuwid, kami ay "mangunguna sa lahi" habang nagsisikap ding tugunan at hamunin ang iba pang anyo ng pang-aapi tulad ng diskriminasyon batay sa kasarian, edad, relihiyon, pisikal na kakayahan at iba pang kateryorya.

Napakahalagang tugunan ang lahat ng lugar na napagkaitan na gamit ang isang institusyonal na diskarte (mga ahensya ng gobyernong non-profit at pribadong kumpanya)

Habang pinalalalim ng pamahalaang Lungsod ang kakayahan nitong alisin ang hindi pagkakapantay-pantay ng lahi, mas magiging

handa ito upang baguhin ang mga kasalukuyang sistema at institusyon na nakakaapekto sa iba pang mga napagkaitan na grupo.

Paano makatutulong ang SF Planning sa pagsusulong ng Panlahi at Panlipunang Pagkakapantay-pantay?

Malaki ang epekto ng trabaho ng SF Planning sa buhay ng mga residente ng San Francisco. Sa pamamagitan ng pagtatasa at pagpapatupad ng aming trabaho ng pagkakapantay-pantay sa lahi at panlipunan.

- pinahusay na mga proseso at mahusay na serbisyo sa kustomer
- Higit na inklusibong pakikipag-ugnayan sa komunidad
- mahusay na pag-apruba ng proyekto
- mas may kaalaman sa pag-unlad ng patakaran
- Mas naa-access at tumutugon na mga programa sa trabaho sa mga higit na nangangailangan
- mas magkakaibang, kinatawan, at kawaning may mas kakayahan sa kultura

Makakatulong ang SF Planning na matugunan ang mga pangangailangan ng magkakaibang populasyon ng San Francisco, lalo na ang mga pinakamahina.

Pangkalahatang mga Termino

San Francisco Pagpaplanong Code
Nagtatakda ng mga limit sa dami at kalidad na mga tuntunin para sa kung paano ginagamit at pinapaunlad ang lupain sa San Francisco (hal., zoning, mga taas ng gusali na nagtatatag kung saan matatagpuan na kung saan ginamit ang lupa gaya ng pabahay at opisina para mahanap, at gaano sila kataas).

Proseso ng Pag-review

Ang papel ng SF Planning sa pagrepaso ng mga permit sa gusali, mga aplikasyon sa pagpapaunlad, at mga permit sa negosyo at paghahanda ng Planning Code sa lokal at mga pagbabago sa Pangkalahatang Plano, bilang pagsunod sa mga batas ng lokal at estado.

Pagususuri sa Epekto ng Lahi at Panlipunang Pakakapantay-pantay.

Isang pagsusuri sa mga potensyal na epekto ng isang iminungkahing aksyon sa iba't-ibang pangkat ng lahi, etniko, at panlipunan at isang pagtukoy ng mga estratehiya upang isulong ang pagkakapantay-pantay ng lahi at panlipunan at pagaanin ang mga negatibong kahihinatnan mula sa iminungkahing aksyon.

» Panlahi at Panlipunang Pagkakapantay-pantay na pag-Audit

Isang pagsusuri o inspeksyon ng Pagpaplanong Code upang matukoy ang mga limitasyon at tuntunin na nagdudulot ng hindi pantay na resulta sa komunidad.

» Grupo na Nagtatrabaho

Grupo ng mga tao mula sa SF Planning at mga komunidad na nagtutulong upang makamit ang Panlahi at Panlipunang Pagkakapantay-pantay.

» Ang Kasamang lumikha na gawaan

Mga pagpupulong upang makipagtulungan sa iba't-ibang komunidad upang masuri, umakma at gumawa ng mga kasunduan tungkol sa Panlahi at Panlipunang Pagkakapantay-pantay na Plano ng Aksyon.

